# Ligtas na Komunikasyon

Nagbibigay ang resource na ito ng ilang praktikal na unang hakbang para sa ligtas na komunikasyon online para maiwasan ang mga karaniwang anyo ng pag-track online at sinasaklaw nito ang mga aksyon gaya ng pag-sign out sa mga account, pag-off sa pag-share ng lokasyon, pagsuri sa mga setting ng pagkapribado, at pagbabago ng mga password.



**Mga pangkalahatang tip ang mga ito para mapanatiling secure ang iyong mga device. Ang mga eksaktong hakbang ay posibleng naiiba para sa magkakaibang device at magbago sa paglipas ng panahon.**

Sa mga iPhone at iPad, karaniwang makikita mo ang isang setting sa pamamagitan ng pag-tap sa “Settings (Mga Setting)” sa Home Screen, pagkatapos ay pag-swipe pababa para ipakita ang search bar. (Para sa tulong, tingnan ang http://tiny.cc/iphonesearch.)

android

Sa mga Android device, mag-swipe pataas mula sa Home Screen: may lalabas na search bar na nagsasabing “Search Your Phone and More (Maghanap sa Iyong Telepono at Higit pa)”. I-type ang setting na hinahanap mo sa search bar.

## Mag-sign out sa lahat ng account

Posibleng naka-sign in ka sa ilang app sa mahigit isang device. Narito kung paano mag-sign out sa lahat ng device sa *Facebook*: i-tap ang **Tatlong dot** at pagkatapos ay **Mga Setting**, pagkatapos ay “Password and Security (Password at Seguridad)” at pagkatapos ay “Accounts Center”. I-tap ang “Password and Security (Password at Seguridad)” at pagkatapos ay “Where You’re Logged In (Kung Saan Ka Naka-log In)”.

Makikita mo na ngayon ang lahat ng iyong *Facebook*, *Instagram* o *WhatsApp* account. I-tap ang bawat isa para makita kung sa aling mga device ka naka-log in, at pagkatapos ay i-tap ang “Log Out (I-log Out)” para sa bawat isang device na hindi ang telepono mo.

**Icon key**

Tatlong dot

Mga Setting

Tatlong vertical na dot

Toggle



©2023 MediaSmarts

## I-off ang pag-share ng lokasyon sa social media

Mahalaga ito kung gumagamit ka ng *Snapchat*, na nagpapakita kung nasaan ka sa mapa. Para gawin ito, buksan ang *Snapchat* at i-tap ang iyong icon sa profile. Sunod, i-tap ang **tatlong vertical na dot** sa kanang bahagi sa itaas at mag-scroll pababa sa seksyong "Who Can... (Sino ang...)". Kung ita-tap mo ang "See My Location (Nakakakita sa Aking Lokasyon)", may lalabas na pop-up na nagsasabing "Ghost Mode." **I-toggle** ito sa "On (Naka-on)".

Sa *Facebook* o *Instagram*, puwede mong i-off ang lokasyon sa pamamagitan ng pag-tap sa **Mga Setting**> Privacy (Pagkapribado) > Location Services (Mga Serbisyo sa Lokasyon) at pagkatapos ay pag-tap sa **Toggle** sa tabi nito. Inilalagay ito ng karamihan sa iba pang social network sa mga katulad na lugar sa loob ng mga setting tulad ng "Privacy (Pagkapribado)" o "Safety (Kaligtasan)".

**Icon key**

- Tatlong dot
- Mga Setting
- Tatlong vertical na dot
- Toggle

## Suriin ang mga setting ng pagkapribado

Lahat ng iyong account sa social network ay may mga setting ng pagkapribado, na karaniwang maa-access mo sa pamamagitan ng pag-tap sa **Mga Setting** at pagkatapos ay sa katulad ng "Privacy (Pagkapribado)," "Privacy and Security (Pagkapribado at Seguridad)", o "Audience." Tiyaking nakatakda ito para ipakita lang ang pino-post mo sa Friends (Mga Kaibigan).

## Magbago ng mga password sa cloud storage

Kung gumagamit ka ng anumang cloud storage para sa iyong mga larawan o video, tulad ng *iCloud* o *Google Drive*, tiyaking nabago mo ang password para walang sinupaman na makaka-access dito.

MediaSmarts

*Financial contribution from*

Public Health Agency of Canada / Agence de la santé publique du Canada